**Pampublikong Update sa COVID-19 – ika-14 ng Abril 2020**

## UPDATE MULA SA KEMH

Ang proseso ng malaking batch ng mga resulta ng pagsusuri na ipinadala sa UK ay nakumpleto nang magdamag, mula dito ay may natukoy na karagdagang anim (6) na positibong kaso ng COVID-19.  Ang mga indibidwal na ito ay nasa Mount Pleasant Complex.

Sa kabuuan ay nakatanggap na tayo ng labing-isang (11) positibong resulta ng COVID-19. Ang mga indibidwal na ito ay nasa isolation sa MPC na nakalinya sa kanilang normal na mga hakbang sa pampublikong kalusugan.

Isa sa mga positibong indibidwal ay patuloy na tumatanggap ng pangangalaga sa KEMH habang ang isa naman ay nakalabas na sa ospital nitong nakaraang linggo.

Isang daan at labing-walong (118) swabs ang ipinadala sa South Atlantic Airbridge nitong katapusan ng linggo at para i-proseso sa isang laboratoryong pang-espesyalista.

Sa kabuuan, may dalawang-daan at limampu't limang (255) samples na ang na-proseso sa UK sa kasalukuyan.

## PINALAWIG NA SUPPORT SCHEME

Noong ika-2 ng Abril, ang Gobyerno ay naglabas ng Support Scheme para sa Pampribadong Sector at mga Self-Employed, bilang parte, at tugon sa una nang inilabas na Pampublikong Update na aming ibinahagi noong ika-26 ng Marso kung saan aming inabisuhan ang lahat ng non-essential workers na manatili sa bahay epektibo, ika-27 ng Marso.

Natanto naming, na ang labinga-apat (14) na panahon ng suporta para sa payroll ng mga non-essential workers, na hindi makapag-trabaho mula sa bahay, bilang pinapayagan para sa Support Scheme, ay nag-expire na noong hatinggabi, ika-20 ng Abril.

Epektibo noong ika-10 ng Abril, ang petsa na ito ngayon ay pinalawig pa ng karagdagang panahon na labing-apat (14) na araw hanggang ika-24 ng Abril para sa mga non-essential workers o hindi mahahalagang trabahador, na base sa abiso ng Gobyerno, silang mga ni-require na manatili sa bahay at silang mga hindi makapag-trabaho mula sa bahay. Ang ibang mga kundisyon ng Support Scheme ay mananatiling pareho.

Ang mas pinalawak na mga hakbang para suportahan ang mga indibidwal at mga negosyo ay kinukunsidera din ng Gobeyrno at ikukunsidera ng ExCo ngayong lingo.

**PAGLALAKBAY SA PAGITAN NG STANLEY AT MPC**

Pakiusap na bumiyahe lamang sa pagitan ng dalawang lokasyon kung talagang kinakailangan; hinihiling namin sa publiko ang kanilang suporta ukol dito.

Pinaplano na ng FIG ang pagpapakilala ng isang requirement para sa mga mahahalagang manlalakbay para maging partikular na awtorisado, at susuportahan nito ang mga pagsisikap na nauna nang iniligay ng BFSAI. Ang mga karagdagang mga detalye ay ilalabas sa angkop na panahon.

**Ang mga payo patungkol sa lahat ng pagtugon ng Gobeyrno ng Falkland Islands sa pag-responde sa COVID-19 ay maaaring magbago. Manatiling nakatutok sa lahat ng susunod na pahayag mula sa Gobyerno sa lokal na media at sa pamamagitan ng FIG at Community Facebook pages, ang webpage na fig,gov.fk/covid-19 at iba pang mga channels.**

**ANG KASALUKUYANG GABAY SA KATEGORYA NG MGA MAHAHALAGANG TRABAHO**

Kasalukuyan naming inaabisuhan ang lahat na bawasan ang nga hindi mahahalagang aktibidad hanggang sa susunod na mga abiso; ang lahat ay dapat manatili sa bahay kung kinakailangan, at magtrabaho mula sa bahay kung maaari.

Ang mga mahahalagang aktibidad, sa puntong ito, ay yaong mga nasa kategorya ng kritikal at key work, na kung saan ito ay hindi maaaring gawin mula sa bahay.

Ang mga kategorya ng mahahalagang trabaho ay makikita sa website fig.gov.fk/covid-19 sa ilaim ng updates mula ika-26 ng Marso.

Sa sandaling matanggap na ang mga karagdagang resulta ng mga pagsusuri, muling pag-aaralan ang sitwasyon.